## Reiwa 7　Yokkaichi City　Transisyon ng Club Activity Holiday　Q＆A

### Q１ Paano ililipat ang club activities sa bakasyon sa lokal na komunidad？

A１　Ang club activities sa bakasyon ay hindi na pamumunuan ng kasalukuyang paaralan,kundi ay pamamahalaan na ng lokal at pribadong organisasyon pati na ang pagtuturo o coaching。Sa Reiwa 7, isasagawa ang「**base-type**」sa lahat ng kaganapang isports isasagawa isang beses sa isang buwan sa buong taon。Kasabay rin nito ang pagtuturo ng「**Comprehensive Regional Sports Club**」。

### Q２Maari bang sumali sa club activities habang kabilang sa club activities ng paaralan？ 拠点型　総合型

A２ Pwede。Maaring sumali sa ibang aktibidad maliban sa kasalukuyang kinabibilangan。

### Q３ May pagsasanay ba？Sasali bas a kumpetisyon？ 拠点型　総合型

A３ Hanggang Reiwa 8, ang pagtutuunan ng pansin ay ang pagkakabisa ng sarili sa iba't ibang klase ng isports at pagpapaunlad ng indibidwal na kasanayan。

Ang paglahok sa kumpetisyon ay isasagawa ng school by school basis, kagaya ng dati hanggang Reiwa 8。Depende sa klase ng laro, ang pangkat ay bubuuhin ng base-based activities at comprehensive regional sports club, at ang practice match at joint training session ay gagawin kasama ng ibang distrito。Simula sa Reiwa 9, ang kunsiderasyon ay batay sa kung ano ang napapanahon at sitwasyon。

### Q４Anong mga Uri ng Aktibidad Mayroon？ 拠点型

A４ Para sa Reiwa 7, ipagpapatuloy ang pagpapatupad ng base-type activities para sa lahat ng club activities na naitatag sa Yokkaichi JHS na isinasagawa sa bakasyon

### Q５ kalian ang etsa ng mga Aktibidad？ 拠点型　総合型

A５ Sa taong Reiwa 7, ay kasalukuyang ginagawa pa ang club activities kaya nakaplano itong gawin ng isang beses sa isang buwan, ngunit sa simula 2026, nais naming dagdagan ang aktibidad ng １～２ beses sa isang buwan habang sinusunod ang「Yokkaichi City New Community Club Activity Policy (scheduled to be issued at the end of the 2026 school year)」。Depende sa aktibidad, maari itong dagdagan o sa loob ng ordinaryong araw o sa loob ng bakasyon, sa layuning paglahok sa mga paligsahan o tournament。

**Q６ Magkano ang GASTOS？** 拠点型 総合型

A６ Sa taong Reiwa7 ay walang bayad（entrance fee・monthly charges）ngunit maaringkailangan ng bayad sa insurance（mga halagang ¥800）。Depende naman sa aktibidad, maaring kailangang magbayad ng registration fee, at travel expenses katulad sa kasalukuyang aktibidad sa paaralan。⇒Wala pang desisyon kung ano ang gagawin simula sa taong 2026。

※Inaasahan na may babayaran sa pagsali sa mga aktibidad o events sa regional sports club events。

**Q７ Ano ang layunin ng aktibidad na ito？** 拠点型 総合型

A７ Sa karaniwan ay itutuloy lamang ang kahalagahan ng club activities。Ang mga mag-aaral ay Malaya at makakapamili ng nais na aktibidad habang nakikipag-ugnayan sa ibang mag-aaral ng ibang paaralan kasama na rin ang ibang guro sa ibang paaralan, makaranas ng tagumpay na nag-uugnay sa paglago ng kaugalian at mapalagusog ang pangangatawan。

**Q８ Paano kung magsabay ito sa aktibidad ng paaralan？Maari bang sumali，lumipat o tumigil sa kalagitnaan？**

拠点型 総合型

A８ Hangga't maaari ay iiwasan naming na magsabay ang aktibidad, ngunit kung may ganitong pagkakataon, sumangguni sa guro at pamilya。Bilang karagdagan, maaring sumali ang kahit walang karanasan。Ngunit may mga pagkakataon na kailangang magdala ng sariling gamit, kaya i-tsek ito。At maaring sumali, magbago o tumigil sa kalagitnaan ngunit kailangang sumangguni sa mga namumuno rito。

**Q９ Ang nakatira lamang bas a school district ang maaring sumali sa community sports club？** 総合型

A９ Simula sa 2026、inaasahan na ang mga mag-aaral sa ibang distrito ay makakasali sa nais nilang aktibidad。

**Q１０ Paano ko mapupuntahan ang lugar ng aktibidad？** 拠点型 総合型

Ａ１０ Maaring maglakad, magbisikleta（magsuot ng helmet）、public transportation、hatid-sundo ng magulang, at iba pa。Dahil walang guro o staff na mamumuno sa lugar, ang mga mag-aaral ay magkikita sa lugar ng tipanan。

**Ｑ１１ Sino ang magtuturo o gagabay？ 拠点型 総合型**

Ａ１１ Mga instructor o coaches na may espesyal na kaalaman, mga may gulan na may karanasan sa aktibidad, dating guro, at iba pa。O guro na may pahintulot na magtrabaho ng part-time at nais magturo。

**Ｑ１２Paano sumali？Ano ang kailangang gawin sa pagsali？ 拠点型 総合型**

Ａ１２ Para sa SY2025, ipamimigay ang abiso tungkol sa paghihimok ng mga sasali。Angabiso ay ipamimigay mula sa bawat asosasyon o mula sa paaralan。Paminsan-minsan rin ay magpapadala ng kasalukuyang aktibidad。Para sap ag-apply, gamitin ang QRcode sa abiso o notification。Sumangguni sa guro tungkol sa aplikasyon sa comprehensive community sports club。（Sa SY2024, mag-aaral lamang ng KUSU, UTSUBE, MIEDAIRA at KYOHOKU JHS ang tatanggapin）Sumangguni rin sa pamilya tungkolsa schedule, transportasyon papunta at mula sa paaralan at kung paano ito aakma sa kasalukuyang aktibidadad, at tiyaking humingi ng permiso sa magulang bago mag-aply。